Ano ba ang Early Literacy Screening?

Ang early literacy screening ay makakatulong sa mga guro na maunawaan ang early reading skills (kakayahan na makabasa) ng iyong anak; ito'y mahalagang bahagi ng literacy development. Hindi ito isang diyagnosis o akademikong assessment.

Tinitingnan nito ang skills tulad ng kaalaman ng mga letra, pagbatid ng tunog, at pagbasa ng mga salita.

Ang tools para sa early literacy screening tools ay:

- Maikli at madaling gamitin
- Dinidibelop gamit ang research at data ng estudyante
- Ginagamit ng mga guro ng classroom
- Dinisenyo para tulungan ang mga bata sa pagbabasa

Ipinapakita ng early literacy screening kung nasaan ang iyong anak sa kanyang pag-aaral na magbasa.



Paano Ba Matutulungan ng Early Literacy Screening ang Aking Anak?

Ang early literacy screening ay makakatulong sa mga guro na maunaawaan ang reading skills at pangangailangan sa pag-aaral ng bawat bata.

Ang screening ay nakakatulong sa mga guro na:

- Malaman kung sino ang mga estudyanteng maaaring mangailangan ng karagdagang suporta sa pag-aaral
- Magplano ng pagtuturo sa pagbabasa para sa buong klase, maliliit na grupo, o mga indibidwal na estudyante
- Masubaybayan ang pagsulong ng estudyante sa pagbabasa sa paglipas ng panahon
- Ma-adjust ang pagtuturo nang mas masuportahan ang pag-aaral ng mga estudyante

Tinutulungan ng early literacy screening na malaman nang maaga kung ano ang mga paghahamon sa pagbabasa nang makapagbigay kaagad ng suporta.

Ito'y magbibigay sa iyong anak ng pinakamahusay na pagkakataon na magtatag ng malakas na literacy skills at isang matatag na pundasyon para sa patuloy na pag-aaral.

Para sa karagdagang impormasyon at resources, bisitahin ang:
https://curriculum.gov.bc.ca/literacy-screening

[Filipino]



Early Literacy Screening

Impormasyon para sa mga Magulang at mga Caregiver

BRITISH COLUMBIA
Ministry of Education and Child Care



Ano ba ang Literacy?

Ang literacy ay ang kakayahan ng iyong anak na maunawaan ang wika at makomunika ito sa iba't-ibang mga paraan.

Kabilang sa literacy ang:

- Pagsasalita at pakikinig
- Pagtatag ng bokabularyo
- Pagbabasa at pag-unawa ng binabasa
- Isinusulat na pagpahayag ng mga ideya
- Pag-unawa ng mga kuwento at impormasyon

Ang literacy skills ay tools na nagbubukas ng mga pinto para matuto nang habang-buhay.



Bakit ba mahalaga ang Literacy?

Ang mahusay na literacy skills ay nagsusuporta sa habang-buhay na pag-aaral at kabutihan.

Pagiging Mahusay sa Pag-aaral

Ang mga batang may mga mahuhusay na literacy skills ay mas:

- Nakakaunawa sa mga leksyon sa klase
- Nakakapag-aral ng mga bagong subject
- Nakakapagbahagi ng kanilang pag-iisip sa pamamagitan ng pagsasalita at pagsusulat
- Mag-isang nakakakompleto ng mga assignment
- Nakakalahok at motibado sa eskwelahan

Kalusugan at Kabutihan

Ang mga batang may mga mahuhusay na literacy skills ay mas malamang na:

- Magkakaroon ng kompiyansa at pagpapahalaga sa sarili
- Makakaunawa sa impormasyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan
- Makakapagtatag ng kakayahang magawa ang mga bagay nang mag-isa at maglutas ng mga problema
- Magpapahusay ng skills tulad ng memorya, atensyon, at focus

Habang tumatanda ang mga tao, ang literacy ay nakakatulong sa kanila na:

- Mag-apply para sa mga trabaho
- Magpatuloy na matuto ng bagong skills
- Magtatag ng mga koneksyon sa iba
- Lumahok nang husto sa kanilang mga komunidad

Paano ba Natututo ng Literacy Skills ang mga Bata?

Nangangailangan ng panahon, pagtuturo, at praktis para magdibelop ng literacy.

Ang mga bata ay:

- hindi sabay-sabay na natututo
- nakakapansin na ang ilang mga bahagi ng literacy ay mas madali kaysa sa iba
- nagtatatag ng skills sa paglipas ng panahon
- nakapagpapakita ng pag-unlad sa iba't-ibang paraan

Ang ilang mga bata ay nangangailangan ng karagdagang panahon at praktis.

***Hindi* ito nangangahulugan na hindi sila magdidebelop ng mahusay na literacy skills sa paglipas ng panahon.**

Ang maagang suporta ay makagagawa ng malaking pagkakaiba, at ang mga eskwelahan ay naririto para tumulong!

Maaari ring magdibelop ng literacy sa tahanan. Ang pagbabasa nang magkasama ay isang napakahusay na paraan para itatag ang skills na ito.